1

# Lingguhang Aralin sa GMRC

Kuwarter 1

Linggo 4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa GMRC 1**
**Kuwarter 1: Linggo 4**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Kagawaran ng Eduaksyon – NCR sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Patnugot: Sara Z. Duterte
Ikalawang Patnugot: Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

**Manunulat:** ANALINE C. VERGARA
**Tagasuri:** NIMFA A. HERNAEZ / PRECIOSA N. CABINBIN
**Tagaguhit**
**Tagalapat:** ALDRIN B. MARCELO

**JOCELYN DR ANDAYA,** *CESO IV*, Director IV
**CRISTITO A. ECO,** *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC-Chief Education Program Supervisor, CLMD
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor
**ROLAND MONTES**, GMRC Regional Education Program Supervisor
**NORMINA B. HADJI YUNNOS**, LR Education Program Supervisor

| **MATATAG Kto10 Kurikulum Lingguhang Aralin** | **Paaralan:** | | **Baitang:** | 1 |
|---|---|---|---|---|
| | **Pangalan ng Guro:** | | **Asignatura:** | |
| | **Petsa at Oras ng Pagtuturo:** | | **Kuwarter:** | |

| | **UNANG ARAW** | **IKALAWANG ARAW** | **IKATLONG ARAW** | **IKAAPAT NA ARAW** |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa sariling paraan ng pag-iimpok at pagtitipid. | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | Naisasagawa ng mag-aaral ang paraan ng pag-iimpok at pagtitipid upang malinang ang pagiging matiyaga. | | | |
| *C. Lilinanging Pagpapahalaga* | Matiyaga<br>(Perseverance) | | | |
| *D. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Naipakikita ang pagiging matiyaga sa pamamagitan ng palagiang pagtatabi ng mga naipong pera o alkansya o mga gamit sa lagayan<br>a. Natutukoy ang mga paraan ng pag-iimpok at pagtitipid ayon sa sariling kakayahan.<br>b. Naisasaalang-alang ang sariling paraan ng pag-iimpok at pagtitipid na makatutulong upang matugunan ang pangangailangan.<br>c. Nailalapat ang mga paraan ng pag-iimpok at pagtitipid (hal. Pagtatabi ng pera o gamit sa paaralan). | | | |
| *E. Mga Layunin* | Nakikilala ang kahulugan ng pagtitipid at pag-iimpok at mabuting dulot nito ayon sa sariling kakayahan. | Natutukoy ang mga paraan ng pag-iimpok at pagtitipid ayon sa sariling kakayahan kasama ng pamilya. | Naisasaalang-alang ang sariling paraan ng pag-iimpok at pagtitipid na makatutulong upang matugunan ang pangangailangan. | Nailalapat ang mga paraan ng pag-iimpok at pagtitipid (hal. Pagtatabi ng pera o gamit sa paaralan). |
| *F. Disensyong Instruksyunal* | Ideational<br>Context | Connection<br>Explore/Experience | Context<br>Explore/Emphatize | Creativity<br>Integrative<br>Experience |
| *G. 21st Century Skills* | Decision Making<br>Critical Thinking | Creativity<br>Reflective Thinking | Problem Solving<br>Openness | Self-Discipline<br>Reflective Thinking |
| *H. Integrasyon* | Matematika<br>Science<br>Financial Literacy | Matematika<br>Science<br>Financial Literacy | Matematika<br>Science<br>Financial Literacy | Matematika<br>Science<br>Financial Literacy |



DepED MATATAG BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | Pag-unawa sa sariling paraan ng pag-iimpok at pagtitipid. | | | |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| A. *Mga Sanggunian* | Mga larawan na mula sa online o google. | Hango sa: Edukasyong Pagpapakatao<br>Teaching Guide on Financial Literacy | | Mga larawan na mula sa online o google. |
| B. *Iba pang Kagamitan* | Mga Larawan<br>Lapis at Pangkulay (Crayola) | Mga Larawan<br>Lapis at Pangkulay (Crayola) | Tsart ng Diyalogo<br>Lapis at Pangkulay (Crayola) | Mga Larawan<br>Lapis at Pangkulay (Crayola) |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | 1. Balik-Aral<br>Lagyan ng ✓ ang larawan na nagpapakita ng pakikipagkaibigan at ✗, kung hindi.<br>_____ 1. <br>Hango sa:https://w.facebook.com/katolikosagrado/photos/a.1680685105490363/3737154513176735/?type=3&locale=hi_IN<br><br>_____ 2.<br>Hango sa: https://scontent.fmnl30-3.fna.fbcdn.net/v/t1.6435-9/136976861_102950381783702_2162415847449271048_n.jpg?_nc_cat=101&ccb=1-7&_nc_sid=5f2048&_nc_eui2=AeEVGAWB84uP8YDkLR6KOfq6RmMqaL4rcM1GYypovitwzat_IMJNMAPHNb8el0EVqX8&_nc_ohc=wgvVFXU6rNQQ7kNvgEX1xCo&_nc_ht=scontent.fmnl30-3.fna&oh=00_AYCmNnL4CHZnb74-ZnA_5V7FJBvq2phk3gy4p4gbwtMP0w&oe=66875617 | 1. Balik-Aral<br>Lagyan ng ❤ ang patlang kung ginagawa mo bilang pag-iimpok at pagtitipid at 💔, kung hindi mo ginagawa.<br>_____ 1. Nangongolekta ako ng mga puting papel at ibinibenta sa *junk shop.*<br>_____ 2. Nagtitira ako ng pera mula sa baon na ibinibigay sa akin ni nanay araw-araw.<br>_____ 3. Bumibili lamang ako ng pagkain na kaya kong ubusin. | 1. Balik-aral<br>Kulayan ng pula ang kahon na tumutukoy sa paraan ng pag-iimpok at pagtitipid at berde naman kung hindi.<br>☐ 1. Maaga akong gumigising upang tulungan ko si ate sa paglilinis ng bahay.<br>☐ 2. Pinapatay ko ang mga ilaw na nakabukas bago ako matulog sa gabi.<br>☐ 3. Hinahayaan kong Mabasa ng ulan ang aking mga gamit upang ibili uli ako ng bago ng nanay ko.<br>☐ 4. Iniipon ko ang natira kong baon at inilalagay ko sa alkansya.<br>☐ 5. Iniingatan kong madumihan ang uniporme ko sa paaralan. | 1. Balik-Aral<br>Hayaan ang mga bata na ipakita at talakayin ang kanilang mga takdang-aralin.<br>Bigyang-diin ang mga paraan ng pag-iimpok at pagtitipid ng bawat isa sa kanila.<br>2. Pagganyak<br>Naaalala niyo pa ba ang pinanood nating kuwento tungkol kay Langgam at Tipaklong? |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | _____ 3. <br><br>Hango sa:<br>https://www.google.com/url?sa=i&url=https%3A%2F%2Fwww.dreamstime.com%2Fillustration%2Fkids-fighting-toy.html&psig=AOvVaw01UKd9KeAl79iw_-ZNvVGo&ust=1717643087421000&source=images&cd=vfe&opi=89978449&ved=0CBAQjRxqFwoTCLDTpKS9w4YDFQAAAAAdAAAAABAE<br><br>_____ 4. <br><br>Hango sa:<br>https://www.google.com/url?sa=i&url=https%3A%2F%2Fin.pinterest.com%2Fpin%2Fa-sick-child-in-hospital-visitor-friends-vector-illustration--520447300706340545%2F&psig=AOvVaw20Gwh1lMtbBhhVLc2GBPeX&ust=1717643995506000&source=images&cd=vfe&opi=89978449&ved=0CBAQjRxqFwoTCPjD6uTAw4YDFQAAAAAdAAAAABAE<br><br>_____ 5. <br><br>Hango sa:<br>https://www.google.com/url?sa=i&url=https%3A%2F%2Fwww.pixtastock.com%2Fillustration%2F74846815&psig=AOvVaw0F4gYzGZLXo0bCdnm0giLe&ust=1717644096038000&source=images&cd=vfe&opi=89978449&ved=0CBAQjRxqFwoTCLij-oXBw4YDFQAAAAAdAAAAABAE<br><br>2. Pagganyak<br>Ipapanood sa mga bata ang video ng kuwentong "Ang Langgam at ang Tipaklong". | _____ 4. Paborito ko ang *hamburger* at *French Fries* sa fastfood kaya araw-araw ko itong binibili.<br><br>_____ 5. Sinusunod ko ang bilin ni Nanay na patayin ang ilaw at electric fan kapag walang gumagamit.<br><br>2. Pagganyak<br>Tunghayan ang mga larawan:<br><br><br>Hango sa: Edukasyong Pagpapakatao<br><br>Teaching Guide on Financial Literacy<br><br>Maaaring ipabasa sa dalawang mag-aaral na mahusay bumasa ang komik strip.<br><br>Mga Tanong:<br>1. Ano ang pinag-uusapan ng magkapatid sa komik strip? | 2. Pagganyak<br><br>Basahin ang diyalogo.<br><br>(Tumawag ng mga batang mahuhusay bumasa upang basahin ang diyalogo.)<br><br>Lito: Lita, sabi ni nanay ay kailangan nating mag-impok at magtipid.<br><br>Lita: Bakit daw kuya?<br><br>Lito: Mataas ang presyo ng bilihin at kailangang ibili si Tatay ng mga gamot dahil siya ay may sakit.<br><br>Lita: Sige, kuya gagawin ko ang aking makakaya upang makapag-impok at makapagtipid sa munti kong paraan. Hindi ko uubusin ang perang ibinibigay ni Nanay na baon ko. Itatabi ko ang mga puting papel at mga pet bottles at ibibenta ko. Magtitipid din ako sa kuryente.<br><br>Papatayin ko kaagad ang mga hindi ginagamit na *appliances*. Hindi na rin ako bibili ng *softdrinks* at sitsirya upang makaiwas sa sakit.<br><br>Lito: Maraming salamat Lita at naunawaan mo ang sitwasyon natin ngayon. | Hayaan ang mga bata na magkuwento ng mga pangyayari na naaalala nila mula sa kuwento.<br><br><br><br>https://www.google.com/imgres?q=si%20langgam%20at%20tipaklong&imgurl=https%3A%2F%2Flookaside.fbsbx.com%2Flookaside%2Fcrawler%2Fmedia%2F%3Fmedia_id%3D329853518205453%26get_thumbnail%3D1&imgrefurl=https%3A%2F%2Fwww.facebook.com%2FSavetheChildrenPH%2Fvideos%2Fbahayaral-edad-6-9-si-langgam-at-si-tipaklong-unang-gawain%2F329853518205453%2F%3Flocale%3Dtl_PH&docid=oro5ma8TfbdIhM&tbnid=gd7IleGATsvnAM&vet=12ahUKEwiy7JPP0caGAxVgh1YBHQA3MxwQM3oECEoQAA..i&w=1920&h=1080&hcb=2&ved=2ahUKEwiy7JPP0caGAxVgh1YBHQA3MxwQM3oECEoQAA<br><br>Ang larawan ay nagmula sa kuwentong ating pinanood. Ano ang masasabi ninyo tungkol dito?<br><br><br><br>https://www.google.com/imgres?q=si%20langgam%20at%20tipaklong&imgurl=https%3A%2F%2Flookaside.fbsbx.com%2Flookaside%2Fcrawler%2Fmedia%2F%3Fmedia_id%3D329853518205453%26get_thumbnail%3D1&imgrefurl=https%3A%2F%2Fwww.facebook.com%2FSavetheChildrenPH%2Fvideos%2Fbahayaral-edad-6-9-si-langgam-at-si-tipaklong-unang-gawain%2F329853518205453%2F%3Flocale%3Dtl_PH&docid=oro5ma8TfbdIhM&tbnid=gd7IleGATsvnAM&vet=12ahUKEwiy7JPP0caGAxVgh1YBHQA3MxwQM3oECEoQAA..i&w=1920&h=1080&hcb=2&ved=2ahUKEwiy7JPP0caGAxVgh1YBHQA3MxwQM3oECEoQAA |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

<table>
<tr>
<td></td>
<td>Hango sa:<br><br>https://youtu.be/LeiOhsORPUo?si=rnvQe_p3npMZGLrL<br><br>Mga Tanong:<br><br>1. Ano ang ginagawa ng mga Langgam habang tag-init?<br><br>2. Ano naman ang ginagawa ng Tipaklong habang tag-init?<br><br>3. Anong ugali meron ang Langgam? ang Tipaklong?<br><br>Tandaan:<br><br>Dagdagan pa ang mga tanong hanggang masabi ng mga bata ang kaugalian ni Langgam na bilang “Matiyaga”.</td>
<td>2. Anong uri ng pag-iimpok ang nabanggit sa komik strip?<br><br><br>Hango sa: Edukasyong Pagpapakatao<br><br>Teaching Guide on Financial Literacy<br><br>Maaaring ipabasa sa dalawang mag-aaral na mahusay bumasa ang komik strip.<br><br>Mga Tanong:<br><br>1. Ano ang pinag-uusapan ng magkapatid sa komik strip?<br>2. Anong uri ng pag-iimpok ang nabanggit sa komik strip?<br>3. Ano-anong paraan ng pag-iimpok ang ginagawa ng inyong pamilya?</td>
<td>Mga Tanong:<br><br>- Ano ang bilin ni Nanay para kay Lita?<br><br>- Bakit kailangan nilang mag-impok at magtipid?<br><br>- Ano ang binibili nila para kay Tatay?<br><br>- Paano kaya tutulong si Lita upang makapag-impok at makapagtipid?</td>
<td>Ano ang nangyari kay Tipaklong noong dumating ang taglamig? Tama ba ang ginawa ni Langgam na pagtiya-tiyaga at pag-iimpok?</td>
</tr>
</table>



DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 4. Ano ang nangyari sa Tipaklong noong panahon ng taglamig?<br><br>5. Ano ang aral na natutunan Ninyo mula sa kuwentong ating binasa? | | | |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | Sabihin:<br>Sa araling ito kayo ay inaasahang:<br>Naaalala ang mga paraan ng pag-iimpok at pagtitipid ayon sa sariling kakayahan.<br>Naipakikita ang paraan ng pag-iimpok at pagtitipid ayon sa sariling kakayahan sa pamamagitan ng pagguhit. | Sabihin:<br>Sa araling ito ay inaasahang:<br>Natutukoy ang mga paraan ng pag-iimpok at pagtitipid ayon sa sariling kakayahan kasama ng pamilya.<br>Naipakikita ang mga paraan ng pag-iimpok at pagtitipid ayon sa sariling kakayahan sa pamamagitan ng pagguhit. | Sabihin:<br>Sa araling ito ay inaasahang:<br>Naisasaalang-alang ang sariling paraan ng pag-iimpok at pagtitipid na makatutulong upang matugunan ang pangangailangan. | Sabihin:<br>Sa araling ito ay inaasahang:<br>Nailalapat ang mga paraan ng pag-iimpok at pagtitipid (hal. Pagtatabi ng pera o gamit sa paaralan). |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin* | Gagamitin ng guro sa simpleng pangungusap ang bawat salita upang magabayan ang mga bata na | Gagamitin ng guro sa simpleng pangungusap ang bawat salita upang magabayan ang mga bata na maibigay ang mga kahulugan nito. | Gagamitin ng guro sa simpleng pangungusap ang bawat salita upang magabayan ang mga bata na maibigay ang kahulugan nito. | Gagamitin ng guro sa simpleng pangungusap ang bawat salita upang magabayan ang mga |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | maibigay ang mga kahulugan nito. Maaaring magbigay ng halimbawa ang guro.<br><br>• **pag-iimpok** – Ang pag-iimpok ng mga pagkain ng langgam ay magandnag kaugalian upang siya ay may makain sa panahon ng tag-ulan.<br>• **pagtitipid** – Ang pagtitipid sa tubig ay makakatulong upang hindi tayo magkaroon ng problema sa panahon ng El Niño.<br>• **alkansya** – Inilalagay ni Juan ang natira niyang pera sa kanyang alkansya pag-uwi ng bahay. | Maaaring magbigay ng halimbawa ang guro.<br><br>• **bangko** – isang institusyong pampananalapi na tumatanggap ng mga deposito at ginagamit ang mga ito sa mga pagpapautang. *Pangungusap:* Nagdeposito ng pera si nanay sa bangko at siya ay binigyan ng interes makaraan ang isang taon.<br>• **mag-anak** – o pamilya ang tinaguriang pinakamaliit na sangay ng lipunan. *Pangungusap:* Nagtutulungan kaming mag-anak sa mga gawain sa bahay. | Maaaring magbigay ng halimbawa ang guro.<br><br>• **softdrinks** - inuming karbonado o may karbon, na gawa mula sa mga konsentrado at asukal *Pangungusap:*<br>Huwag kang iinum ng softdrinks sa araw-araw upang hindi ka magkasakit.<br>• **appliances –** mga kasangkapan sa bahay na kadalasan ay gumagamit ng kuryente.<br><br>*Pangungusap:*<br><br>Ingatan ang mga appliances natin upang di agad masira. | bata na maibigay ang kahulugan nito.<br><br>• **matiyaga** – pagkakaroon ng katatagan at kakayahang tumagal ng isang tao habang nasa ilalim ng mahirap na mga kalagayan<br>• **matipid** – hindi magastos<br>• **masinop** – matipid sa mga bagay na iyong ginagamit |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Bigyan ng papel, lapis at pangkulay ang mga bata.<br><br>Sabihin: Iba-iba ang paraan natin ng pag-iimpok at pagtitipid. Dapat ipagmalaki natin ang taglay na kakayahan natin sa pag-iimpok at pagtitipid.<br><br>Ngayon ay gusto kong iguhit o idrowing ninyo ang inyong kakayahan sa pag-iimpok at pagtitipid.<br><br>Pagkatapos ng limang minuto ay tatawagain ko kayo isa-isa upang ipakita ang inyong iginuhit/idrinowing sa inyong guro at mga kaklase at ipaliwanag ito.<br><br>Tumawag ng 5 hanggang sampung bata. | Bigyan ng papel, lapis at pangkulay ang mga bata.<br><br>Sabihin: Iba-iba nag paraan ng pag-iimpok at pagtitipid ng bawat pamilya.<br><br>Ngayon ay gusto kong gumuhit kayo ng larawan sa ginagawa ninyong pag-iimpok at pagtitipid sa inyong pamilya.<br><br>Pagsama-samahin ang mga larawan at gawin itong poster.<br><br>Pagkatapos ng sampung minute ay tatawagin ko kayo upang ipaliwanag ang inyong gawa.<br><br>Tumawag ng limang bata upang ipaliwanag ang gawang poster.<br><br>Bigyang-diin ang mga paraan nila ng pag-iimpok at pagtitipid ng kanyang pamilya. | Bigyan ng papel, lapis at pangkulay ang mga bata.<br><br>Sabihin: Tunghayan ang sitwasyon sa ibaba. Isaalang alang ang iyong gagawin upang matugunan ang pangangailan. Iguhit o *idrowing* kung ano ang iyong gagawin sa mga sumusunod na sitwasyon. Mamili lamang ng isa.<br><br>Tatawagin ko kayo pagkatapos ng sampung minuto upang ipaliwanag ang inyong gawa.<br><br>A. Nabanggit ng iyong guro na magkakaroon ng *Lakbay-Aral* o *Field Trip* ang inyong paaralan sa darating na buwan ng Enero. Gustong-gusto mong sumali ngunit alam mong nagtitipid ang iyong Nanay dahil may sakit ang iyong Tatay. Ano ang gagawin mo?<br>B. Ang Buwan ng Oktubre ay *Scouting Month* sa inyong paaralan. Isinasali ka ng iyong guro sa mga Gawain ngunit kailangan mo ng *Scout Uniform.*Ano ang gagawin mo upang hindi ka na hihingi sa iyong Nanay ng pambili? | Bigyan ng papel, lapis at pangkulay ang mga bata.<br><br>Sabihin: Gumuhit ng mga ginagawa mo upang maipakita ang pag-iimpok at pagtitipid.<br><br>Pagkatapos ng sampung minuto ay ipakikita at ipaliliwanag mo sa iyong mga kamag-aral kung ano ang iginuhit mo.<br><br>Tatawagin isa-isa ang mga bata upang talakayin ang kanilang drowing. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Ipaalala sa mga bata ang mga paraan ng pag-iimpok at pagtitipid. | | | |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/ Susing Ideya* | Gawain 1: Tanong Komprehensiyon<br><br>Gabayan ang mga bata sa pagsagot sa katanungan.<br><br>Ilan sa inyo ang naglalagay ng pera sa alkansya?<br><br>Itaas ang kamay kung ito ay ginagawa mo.<br><br>Bakit kayo naglalagay ng pera sa alkansya?<br><br>Sino-sino sa inyo ang nag-iipon ng mga *pet bottles o yung mga boteng pinag-inuman ng mineral water at softdrinks?*<br><br>Bakit mahalaga ang pag-iipon ng *pet bottles* o mga boteng pinag-inuman ng mineral water at softdrinks? | Tanong Komprehensiyon<br><br>Gabayan ang mga bata sa pagsagot sa katanungan<br><br>Tunghayan ang mga larawan.<br><br><br><br>Hango sa: Edukasyong Pagpapakatao<br>Teaching Guide on Financial Literacy<br><br>Itanong:<br>- Ano ang ginagawa ng bata sa larawan?<br>- Bakit niya ito ginagawa?<br>- Ginagawa mo rin ba ito? Bakit?<br><br><br><br>Hango sa: Edukasyong Pagpapakatao<br>Teaching Guide on Financial Literacy | Tanong Komprehensiyon<br><br>Gabayan ang mga bata sa pagsagot:<br><br>1. Pasko noon. Binigyan ka ng Ninong mo ng pera bilang regalo. Ano ang gagawin mo?<br><br>2. Nakita mong galing sa grocery ang Nanay mo. Iba't ibang inumin at pagkain ang nakikita mo sa ref. Ano ang gagawin mo?<br><br>3. May bagong sapatos ang iyong kamag-aral. Gusto mo rin sanang magkaroon ng katulad ng sapatos niya. Ano ang gagawin mo?<br><br>4. May bagong bag ang iyong kaklase. Sira na ang iyong bag. Alam mong nagtitipid ang iyong Nanay dahil nawalan ng trabaho ang iyong Tatay. Ano ang gagawin mo?<br><br>5. May proyekto ang kapatid mo sa paaralan. Kailangan niya ng pera upang makabili ng mga materyales. Alam mong | Tanong Komprehensiyon<br><br>Gabayan ang mga bata sa pagsagot:<br><br>Ano-ano ang mga paraan ng pag-iimpok at pagtitipid na natatandaan ninyo? |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Paano ninyo matitipid ang inyong mga papel at kuwaderno sa paaralan?<br><br>Bakit kailangan nating magtipid ng ating mga gamit sa paaralan? | Itanong:<br><br>- Ano ang ginagawa ng bata sa larawan?<br><br>-Bakit niya ito ginagawa?<br><br>-Ginagawa mo rin ba ito? Bakit?<br><br><br><br>Hango sa: Edukasyong Pagpapakatao<br><br>Teaching Guide on Financial Literacy<br><br>Itanong:<br><br>- Ano ang ginagawa ng bata sa larawan?<br><br>-Bakit niya ito ginagawa?<br><br>-Ginagawa mo rin ba ito? Bakit?<br><br><br><br>Hango sa: Edukasyong Pagpapakatao<br><br>Teaching Guide on Financial Literacy | may naimpok kang pera sa alkansya. Ano ang gagawin mo? | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | Itanong:<br><br>- Ano ang ginagawa ng bata sa larawan?<br><br>-Bakit niya ito ginagawa?<br><br>-Ginagawa mo rin ba ito? Bakit?<br><br><br><br>Hango sa: Edukasyong Pagpapakatao<br><br>Teaching Guide on Financial LiteracY<br><br>Itanong:<br><br>- Ano ang ginagawa ng bata sa larawan?<br><br>-Bakit niya ito ginagawa?<br><br>-Ginagawa mo rin ba ito? Bakit? | | |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman*<br><br>*at Kasanayan sa Mahahalagang*<br><br>*Pag-unawa/Susing Ideya* | Gawain 2: Maglaro Tayo<br><br>"Sa Berde, Sa Pula o sa Kahel"<br><br>Bumuo ng tatlong grupo.<br><br>Panuto:<br><br>Babasahin ng guro ang mga | Maglaro Tayo<br><br>"Sumakay Tayo"<br><br>Ngayon mga bata ay maglalakbay tayo. Kayo ang mamimili ng inyong sasakyan sa paglalakbay sa araw na ito.<br><br>(Gumawa ng tatlong uri ng sasakyan at lagyan ng Palagi, Minsan, Hindi Ginagawa) | Hayaan ang mga batang magkuwento ng mga pangyayari sa kanilang buhay na kung saan ay nakatulong ang kanilang pag-iimpok at pagtitipid upang matugunan ang pangangailangan.<br><br>Tanong:<br><br>1. Naging masaya ka ba na nakatulong ka sa inyong pamilya? | Paano kayo nakakapag-impok at nakakapagtipid?<br><br>Hayaan ang mga bata na magkwento ng kanilang paraan ng pag-iimpok at pagtitipid. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | pangungusap o sitwasyon.<br><br>-Pumila sa *berdeng* kahon kung ang pangungusap ay nagsasaad ng wastong pag-iimpok o pagtitipid.<br><br>-Pumila sa *pulang* kahon kung ang pangungusap ay hindi nagpapakita ng wastong pag-iimpok o pagtitipid.<br><br>-Pumila sa *kahel* na kahon kung hindi ka sigurado.<br><br>Paalala: Antayin ang salitang "GO" bago pumunta sa tapat ng napiling kahon.<br><br>1. Si Ivan ay binibigyan ng P50.00 na baon niya araw-araw. Bumibili siya ng mga sumusunod na pagkain sa tray: | Puntahan ang Traysikel kung ang sasabihin ko ay palagi mong ginagawa, ang dyip kung ginagawa mo minsan, at eroplano kung hindi mo ginagawa.<br><br>1. Iniingatan ko ang aking papel, lapis at krayola.<br>2. Nag-iimpok ako ng pera sa alkansya.<br>3. Nakikiisa ako sa aking pamilya sa pag-iimpok at pagtitipid.<br>4. Ginagamit ko sa paglalaro sa labas ang bago kong sapatos.<br>5. Hinahayaan ko ang gripo na tumutulo. | 2. Kung ikaw ang tatanungin, ano pa ang gusto mong maitulong sa iyong pamilya?<br><br>3. Ano yun at bakit? | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Sopas – nagkakahalaga ng P10.00<br><br>Juice/Inumin – Nagkakahalaga ng P10.00<br><br>Itlog – Nagkakahalaga ng P10.00. Siya ay may natirang P20.00. Inilalagay niya ang natirang pera sa alkansya sa araw-araw. GO!<br><br>2. Pagkatapos kumain ni Aira ng almusal ay nagsesepilyo siya bago pumasok sa paaralan. Binubuksan niya ng tuloy-tuloy ang gripo habang siya ay nagsesepilyo.GO!<br><br>3. Maaga ang pasok ni Marikit sa paaralan sa araw-araw. Pinatutulog na siya ng kanyang ina tuwing ika-8 ng gabi. Habang siya ay natutulog ay nakabukas ang | | | |



DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | telebisyon, kompyuter at ilaw sa kanyang silid-tulugan. GO!<br><br>4. Si Joshua ay nakatira sa isang bahay na malapit sa tindahan. Nakikita niya ang mga pinag-inuman ng mga mineral water at *softdrinks* na ikinakalat lamang sa kalsada. Pinupulot niya ang mga ito at inilalagay sa sako. Pinakiusapan niya ang kanyang ina na ibenta ang mga ito upang may pambili siya ng mga gamit sa paaralan sa susunod na pasukan. GO!<br><br>4. Si Albert ay may mga *notebooks* o kuwaderno na hindi nagamit ang lahat ng pahina noong nakaraang taon ng pag-aaral. Habang nasa bakasyon pa ang mga mag-aaral ay ihiniwalay niya ang mga pahina ng | | | |



DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | mga *notebooks* na hindi nagamit. Kumuha siya ng *yarn* at *hairpin.* Pinagsama-sama niya ang mga pahina na hindi nagamit. Tinahi niya ito upang makabuo ng panibagong *notebook*. GO! | | | |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Paglalapat at Paglalahat* | Alalahanin na mayroon tayong kanya-kanyang paraan ng pag-iimpok at pagtitipid.<br><br>Alalahanin na ang pag-iimpok at pagtitipid ay mahalagang kaugalian upang mapaghandaan ang mga pangangailangan sa kinabukasan. | May kanya-kanyang paraan ng pag-iimpok at pagtitipid ang bawat isa sa atin kasama ng ating pamilya.<br><br>Halimbawa:<br>- Paghuhulog ng natirang baon sa lakansya<br>- Pag-iingat ng mga gamit upang hindi agad masira<br>- Paglilinis at pag-iingat ng sariling sapatos upang ito ay tumagal<br>- Paglalaba ng sariling damit<br>- Pagtulong sa mga gawaing bahay<br>- Pag-iwas sa sakit<br>- Pag-impok ng pera sa bangko | Ang bawat isa ay may sariling paraan ng pag-iimpok at pagtitipid na makatutulong upang matugunan ang pangangailangan.<br><br>Tayo ay dapat matutong mag-impok at magtipid upang sa oras ng pangangailangan ay mayroon tayong madukot o magamit. | Iba't iba ang kakayahan natin at sariling paraan ng pag-iimpok at pagtitipid. |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Iguhit ang masayang mukha | Lagyan ng ✓ ang patlang kung tumutukoy sa paraan ng pag- | Tama o Mali. | Tunghayan ang mga pangungusap sa ibaba. Kulayan ng |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | kung ang larawan ay nagpapakita nang wastong pag-iimpok at pagtitipid at malungkot na mukha , kung hindi.<br><br>_____ 1. Si Mario ay binigyan ng kanyang ninong ng pera noong Pasko. Inilagay niya ito sa kanyang alkansya.<br><br>_____ 2. Hinahayaan ni Elmer na nakabukas ang ang gripo nang tuloy-tuloy habang siya ay naliligo.<br><br>_____ 3. Iniipon ni nanay ang pinagbanlawan ng nilabhan upang pangbuhos sa *toilet*.<br><br>_____ 4. Kumukuha ng maraming pagkain si Rene at itinatapon niya sa | iimpok at pagtitipid kasama ng inyong pamilya at , kung hindi.<br><br>_____ 1. Nagdadala ako ng baon na *sandwich* upang hindi na ako bibili sa kantin.<br><br>_____ 2. Bumibili ako ng *softdrinks* at *chips* dahil hindi ko gusto ang baon kong *sandwich*.<br><br>_____ 3. Tinutulungan ko ang nanay sa gawaing bahay upang hindi na kami magbayad ng kasambahay.<br><br>_____ 4. Pinipilas ko ang mga pahina ng aking *notebook* at ginagawa ko etong eroplanong papel.<br><br>_____ 5. Dinadala naming ni nanay sa bangko upang ideposito ang naipon kong pera sa alkansya. | Gumawa ng placard na Tama o Mali. Tumawag ng bata na hahawak nito. Hayaan ang batang pumunta sa pila ng napili nilang sagot.<br><br>Magbibigay ako ng mga sitwasyon. Pipila kayo sa hanay ng **Tama** kung ang sitwasyon ay nagsasaalang-alang ng sariling paraan ng pag-iimpok at pagtitipid upang makatulong sa pangangailang at sa hanay naman ng **Mali**, kung hindi.<br><br>1. Nag-iimpok si Maricel ng pera sa kanyang alkansya upang may ipambili siya ng softdrinks at sitsirya.<br>2. Iniingatan ni Joshua ang kanyang school uniform upang magamit niyang muli sa susunod na pasukan.<br>3. Mataas ang bill ng kuryente nila Janice kaya nahihirapan ang kanyang Nanay sa pagbabayad. Naisip niya na magtipid ng kuryente sa pamamagitan ng pagpatay sa mga appliances na hindi ginagamit.<br>4. Nagbenta si Charlene ng mga bote at papel upang may maibili siya ng mga laruan.<br>5. Kumukuha lamang si Rina ng tamang pagkain na kaya niyang kainin upang hindi masayang. | pula ang puso kung ang pangungusap ay nagpapakita ng pag-iimpok at pagtitipid at dilaw, kung hindi.<br><br>1. Si Ryan ay nagpapabili ng maraming laruan sa kanyang Nanay kahit marami na siya nito.<br><br>2. Nagtatabi si Kassy ng per amula sa kanyang baon.<br><br>3. Iniipon ni Mario ang mga puting papel at ibinibenta ang mga ito.<br><br>4. Tumutulong si Susan sa paggawa ng ice candy na ibinibenta ng kanyang ate upang may pambili sila |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | basurahan kapag hindi niya naubos.<br><br>_____ 5. Pinapatay kaagad ni Zoe ang bentilador at telebisyon kapag walang gumagamit. | | | ng mga kailangan sa bahay.<br><br>♡ 5. Ginagawang papel na bangka ni Jose ang mga bago niyang papel at ipinapaanod sa baha. |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | | | | |
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | Gumuhit o gumupit ng limang larawan na nagpapakita nang wastong pag-iimpok at pagtitipid. Sumulat ng pangungusap tungkol dito. Ilagay ito sa folder. (Maaari rin itong gawing takdang aralin para sa mga mag-aaral). | | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph